Sa bawat pagkakamali ay dalawang pagpapatirapa pagkatapos magsagawa ng Salam

Ayon kay `Thawban, malugod si Allah sa kanya-Na ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagsabi: ((Sa bawat pagkakamali ay dalawang pagpapatirapa pagkatapos magsagawa ng Salam.))

[Maganda] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ang nais ipahiwatig nito ay sa kahit sa anong pagkakamali na na nagaganap sa pagdarasal dahil sa pagdagdag o pagbawas o pagdadalawang-isip;Katotohanang nararapat ang pagsasagawa ng Pagpapatirapa sa pagkakamali (Sujud Assahwe),At ang Hadith ay mula sa patunay ng sinumang nagsasabi na ang pagpapatirapa sa pagkakamli (Sujud Assahwe) ay ginaganap pagkatapos magsagawa ng Salam; At ang pag-isa sa pagitan ng mga patunay sa kabanatang ito ay naghahatol na;Ang pagpapatirapa na ginaganap pagkatapos isagawa ang Salam ay sa dalawang uri; Kapag nagsagawa ng Salam dahil sa kakulangan at kapag nagdadalawang-isip at bumatay siya sa pinaka-malapit na pag-aakala nito;at ang maliban sa dalawang ito,ay gaganapin ito,bago ang pagsagawa ng Salam.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11236